Volume 17 September 2020
ACADEME University of Bohol, Graduate School
and Professional Studies Journal
Print ISSN 2362-9142
DOI: http://dx.doi.org/10.15631/aubgsps.v17i1.153

# Pagsusuri ng mga Piling Maikling Kuwento ni Genoveva Edroza Matute: Mungkahing Disenyo ng Aralin

**BERNARDITA D. AMORA**
bernarditaamora03@gmail.com
https://orcid.org/0000-0002-8123-3898

## ABSTRAK

Ang pag-aal ay pinamagatang Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento ni Genonveva Edroza Matute. Ang pag-aaral ay nakaangkla sa Teoryang Kognitibo ni Piaget (1936), at Teoryang Constracutctivist ni Bruner (2001). Ito'y naglalayong masuri ang sumusunod na katanungan: Ano ang kabuluhang tampok batay sa mga elemento? Nagkaroon ba ng katangiang nangingibabaw sa paglalahad batay sa mga elemento? Ano ang mga pagpapahalagang moral at kultural ang nangibabaw? Ano ang implikasyon ng mga kinalabasan sa kasanayan sa mataas na antas na pag-iisip? Kwalitatibong pananaliksik ang ginamit kung saan panunuring pangnilalaman ang paraan sa gagawing pag-aaral.

Mga natuklasan sa ginawang pagsusuri sa mga piling maikling kuwento batay sa mga elemento. Halos magkakaulad ang daloy ng paglalahad ng mga nasabing akda. Sa paaralan ang karamihang tagpuan sa akda. Gumamit ng iba't ibang simbolo ang ang mga sinuring akda. Ang tao laban sa sarili ang kadalasang naging tunggalian. Natuklasan sa ginawang pagsusuri sa mga pagpapahalagang moral ay ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay sa kabila ng mga suliraning kinahaharap. Hindi dapat mawalan ng pag-asa sa buhay, at nasa ating kultura ang maging maparaan sa paghahanap ng kalutasan sa bawat problemang pinagdadaanan.

Mayroong makabuluhang tampok sa mga piling maikling kuwento batay sa mge elementong pampanitikan. Ang katangiang nangingibabaw

sa estilo ng paglalahad ay ang paggamit ng simbolismo upang malinaw na maipapahayag at maipapaliwanag ang katotohanan ng buhay ng tao. Ang mga pagpapahalagang moral na nangibabaw sa kuwento ay mga positibong pananaw. Ang mga pagpapahalagang kultural tulad ng Pagsasabi ng Problema, Pagkalimot, Pagkapit sa patalim, pagsisisi, pagpapahalaga sa pamilya, awa at pagtulong sa kapwa ay bahagi na ng ating kulturang Pilipino.

Batay sa nabuong konklusyon nabuo anga rekomendasyon. Bigyang-pansin sa mga kuwentong natipon ang mga pagpapahalagang moral at kultural upang mas lalong maunawaan at mapagpatibay ang mga ito na kasasalaminan ng lahing Pilipino. Gamitin bilang kagamitang pantulong sa pagtuturo ang awtput ng pag-aaral sa pagtuturo sa asignaturang Filipino.

**KEYWORDS:** Pagusuri, Elementong Pampanitikan, Katangiang Nangingibabaw, Makabuluhang Tampok, at Implikasyon.

## PANIMULA

Malaki ang impluwensya ng edukasyon sa hindi mapigilang pagsulong ng panahon at pag-iiba ng mukha ng mundo. Ito ang isa sa mga dahilan ng napakaraming pagbabagong nagganap sa halos lahat ng aspekto ng buhay at hindi makaiilang ito rin ang tugon at susi sa inaasam na kaunlaran at matatag na lipunan. Kung gayon, isang hakbang upang matamo ang maunlad at matatag na edukasyon ay ang pagkakaroon ng mga gurong may sapat na kahandaan, kaalaman at kasanayan sa pagtuturo.

Nagiging matagumpay ang isang pag-aaral lalo na't may katulong na mga teorya na siyang gagamiting gabay upang makamit ang minimithi ng mananaliksik.

Ayon sa Teoryang Kognitibo ni Piaget (1936), Theory of Cognitive Development. Ito ay isang progresibong pag-aayos ng mga proseso ng kaisipan bilang resulta ng "biological maturation" at karanasan sa kapaligiran. Ang mga bata ay nagtatatag ng pag-unawa sa mundo sa kanilang paligid, Habang ginagawa ang prosesong ito hindi maiiwasan nag pagkakamali. Ayon sa mga kognitibist ang pagkakamali ay isang palatandaan ng pagkatuto at eksperimentasyon at hindi ito kagyat at tuwirang iwinawasto.

Ayon naman kay Bruner (2001), kanyang Constuctivist Theory, ang pagkatuto ay isang aktibong proseso na kung saan ang mga mag-aaral ay

bumubuo ng mga bagong ideya batay sa kanilang dati at kasalukuyang kaalaman.

Paliwanag pa ni Bruner, gamit ang mga kaalamang ito ay nakakabuo ang mga mag-aaral ng mas mataas na lebel ng pag-unawa na kanyang ginagamit upang maintindihan ang mga nilalamang impormasyon mula sa paksa na pinag-aaralan. Pinapahalagahan din nito ang dibersidad ng bawat indibidwal na nangangahulugang ang tagumpay ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay nakasalalay sa kakayahan ng bawat indibidwal na bumuo ng kahulugan batay sa kanilang sariling karanasan at kaalaman.

Ayon sa teoryang Behaviorism ni Skinner (2001), ang pagkatuto ay nagmumula sa obserbasyon ng kultura ay nagmumula sa ating kapaligiran. Ito ay nakadepende sa kapansin-pansin na kaugalian para matuto. Hindi binibigyang- diin ang aspetong mental ng mga mag-aaral dahil ang pagkatuto ay nagaganap kapag tiyak ang sandigan ay naaabot.

Sa teoryang ito ni Skinner ay kinakailangan ang stimulus upang magresulta sa pagtugon. Sa henerasyong ito ng mga mag-aaral ay hindi maikakailang mulat sila sa mga makabagong teknolohiya at impluwensya ng internet. Ang mga bagay na makikita nila sa kanilang mga kinagigiliwan ay maaaring gamiting stimulus upang mahikayat silang matuto sapagkat nakukuha nito ang kanilang interes.

Batay sa aklat ni Thaler (2016), Teaching Literature, UTB. Kapag nagbabasa ng panitikan sa klase, ang una at pinakamahalagang gawain ay piliin ang isang angkop na gawain ng panitikan para sa mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon at ang kahusayan ng proseso ng pag-aaral ay depende sa isang malaking lawak sa tamang pagpili ng panitikan.

Inilahad sa aklat ni Galda, Liang at Cullinan (2016), Literature and the Child. Cengage Learning. Ang pagbabasa ng panitikan ay tumutulong sa paglago at pag-unlad ng wika. Kapag binabasa o narinig ng mga bata at kabataan ang kanilang mga kuwento, mas marami silang natututuhan, mas malawak ang mga salita sa aklat kaysa naririnig nila sa telebisyon.

Ayon kay Fatma, (2012). A Short Storyof A Short Story Western and Asian Traditions, Ang maikling kuwento ay nag-uukol ng mahabang panahon para maaabot ang modernong porma na ito na lubos na naiimpluwensyahan ng mga nobela dahil ito ay isang maliit na anyo ng sining.

Ang terminong banghay ayon kina Brown, Berry, Dawes, Hughes at Tu (2019), Character mediation of story generation via protagonist insertion,

ay di gaanong nabibigyang pansin lalo na sa mga taong hindi gaanong tumitingin sa teorya at pagsusuri. Kung itanong sa ilang tao kung ano ang kahulugan ng salita, malamang ng kumuha ng malawak na magkakaibang mga sagot sa paligid tulad ng tema, ang banghay ay mga pangyayari sa kuwento.

Ayon naman kay Martin (2018). The plot sequences of Doyle's detective fiction. A description of the choice and relation of the lexical items. Ang banghay ay kadalasang sinusuri ng tahasan sa pamamaraan ng pagbasa ng teksto na ang partikular na isyu ay ang pagkakasunod-sunod ng banghay.

Ayon sa *Journal of Cognitive* nina Brown at iba pa (2019), ang pagsusuri ng mga presensya ng tauhan nagpapakita na ang tagpagkuwento ay ipinasok ang mga taga protagonist sa mga kuwentong ipinahihiwatig ng mga tauhan bilang behikulo para sa mga aksyong nagaganap

Ayon kay Van Hulst at Ybema (2019), From What to Where: A setting sensitive approach to organizational story telling. Organization Studies. Ang isang organisadong tagpuan ng kontekstong lugar kung saan may partukular na mga layuning kaugnay sa lipunan. Ang mga taong may mas matalik na relasyon, tulad ng asawa ay nagbahagi ng mga kuwento tungkol sa mga karaniwang mga karanasan sa lahat ng oras.

Ang tema ng maikling kuwento ayon kay Jeffers (2017), Get Woke: The Themes and Receptions of the Works of Kate Chopin. Ang paggising sa kabalintunaan ay naglalaman ng tema sa isang paraan o iba pa, nagpapaliwanag ng mga tema sa pamamagitan ng pagbibigay ng ganap na panahon.

Sa pananaw ni Pasco (2019). The Nineteenth- Century- French Short Story: Master Piece s in Miniature. Routledge. Ang Maikling Kuwento ay iilalagay sa ilalaim nang paghihigpit at ang mga nais ng manunulat na harapinang mahahalagang usapin na madalas nilang gamitin na implikasyon ng simbolismo.

Sa pag-aaral na ginawa ni Sarkar (2019), Impact of the Short Stories of R. N. Tagore, na may malaking impluwensya sa larangan ng pag-aaral ng kabataan na ang mga alituntunin at ideyang moral ng maikling kuwento ay nauugnay sa mga paraan sa pagtuturo at pagkatuto.

Sa ginawang pag-aaral ni Stevenson (2019) Developing cultural understanding through storytelling, Journal of Teaching in Travel & Tourism. Ang mga kuwento ay maaring gamitin para sa pagbabaha-bahagi ng karanasan at pagkakaroon ng pag-unawa sa kultura. Sa ppagsasagawa

at paggawa ng kuwento nagsasabi na magkaroon ng isang kultural na komunikasyon at pag-unawa.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga maikling kuwento ng manunulat na si Genoveva Edroza Matute.

Batay sa kinalabasan sa ginawang pagsusuri, ito'y magsisilbing batayan sa pagmumungkahi ng Disenyo ng Aralin.

Ang mga sumusunod na katanungan ay sinagot sa pag-aaral na ito:

1. Ano ang kabuluhang tampok ng mga piling maikling kuwentong ni Genoveva Edroza Matute batay sa sumusunod na elemento:
   1.1 banghay;
   1.2 tunggalian;
   1.3 tauhan;
   1.4 tagpuan;
   1.5 tono;
   1.6 paningin;
   1.7 estilo ng paglalahad;
   1.8 simbolismo;
   1.9 tema;
2. Nagkaroon ba ng katangiang nangingibabaw sa paglalahad ng may akda sa kanyang sinulat, ayon sa elementong pampanitikan?
3. Ano-ano ang mga pagpapahalagang moral at kultural ang nangibabaw sa mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute?
4. Ano-ano ang mga implikasyon ng mga kinalabasan sa kasanayan sa mataas na antas na pag-iisip?
5. Anong disenyo ng aralin ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng k*ontent analysis* sa pagsusuri ng mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute. Ang pag-aaral na ito ay *purposive* na pananaliksik sapagkat nilalayong suriin lamang ang mga kuwentong buhat sa isa sa mga patimpalak sa larangan ng panitikan sa larangan ng panitikan sa Pilipinas na kilala bilang *The Carlos Palanca Memorial Awards for Literature*. Ginamit sa pananaliksik na ito ang kwalitatibo na pagsusuri sa maikling kuwento batay sa elementong pampanitikan. Ang pag-aaral na ito ay isang panunuring pampanitikan

kaya hindi na kinakailangan ng pagsusuring statistikal. Ang pananaliksik ay sumasaklaw sa pagsusuring kritikal ng limang piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute.

Ang nasabing may akda ay nakapagsulat na ng maraming maikling kuwento ngunit ang mananaliksik ay pumili lamang ng limang kathang pinaniniwalaan niyang nagpapakita sa kahusayan at nagpagwagiang karangalan. Ang ilan sa mga piling akda dito ay nagwagi ng Carlos Palanca Award; tulad ng "Kuwento ni Mabuti" nakatanggap ng Unang Gantimpla (1951); "Pagbabalik" Ikatlong Gantimpala (1952) "Paglalayag sa Puso ng Isang Bata" Unang Gantimpla (1955) at "Parusa "Unang Gantimpla (1961). Isinama rin ng mananaliksik ang Akdang "Walong Taong Gulang "kung saan naipakita ng manunulat ang kanyang naging karanasan bilang guro sa pakikitungo sa kanyang mga estudyante na nagdudulot ng paghihikayat at motibasyon sa mga guro sa kanilang pagtuturo.

Ang unang paraan sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay binubuo ng pagbabaha-bahagi ng bawat maikling kuwento ayon sa mga elemento na binibigyang-diin upang lalong maging malinaw ang pagpapaliwanag ng kabuuan nito nang sa gayon ay lalong madaling mailantad at makilala ang makabuluhang itinampok ng may akda sa kanyang mga kuwento.

Ang pangalawang paraan ay gumamit ng matalino at masining na pagtatalakay sa bawat sangkap na pinag-aralan upang lalong mapahalagahan ang mga elementong pampanitikan.

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangkang sariling pagsusuri kung saan ibabatay ang pagsasagawa ng panunuri sa mga elementong pampanitikan at kahalagahang moral at kultural na matatagpuan sa mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute.

Sa pamamagitan ng gabay na katanungan na binuo mismo ng mananaliksik ay nagabayan ito sa mga dapat lamang na bigyang pansin sa pagsusususuri. Matapos masuri ang mga nasabing elemento ng kuwento bumuo ng talahanayan ang mananaliksk na siyang magiging gabay ng mananaliksik sa kanyang pagsusuri.

Ang mananaliksik ay pumili ng mga maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute na mga nagwagi ng una at ikatlong gantimpala sa "Carlos Palanca Award for Literary Works" sa Pilipino. Pagkatapos matiyak at mahanap ang mga nasabing babasahin, ito ay kanyang ipinaalam sa kanyang tagapayo. Naghanda ang mananaliksik ng mga kagamitan kaugnay sa gagawing pagsusuri sa mga nasabing para sa gagawing pagsusuri. Sa pamamagitan ng instrumentong, sisimulang suriin ng

mananaliksik batay sa kahingian ng pag-aaral na ito. Sa pamamagitan ng talahanayan madaling nagamit at nailahad ang mga resulta ng pagsusuring ginawa.

"Qualitative Research Method "ang ginamit sa pananaliksik sa paraang kontent analisis. Sa pamamaraang ito, malalaman ang kahinatnan ng mga pag-aaral gaya ng tampok na kabuluhan at mga katangiang nangibabaw, kasama ang mga pagpapahalagang moral at kultural at implikasyon sa kasanayan sa mataas na pag-iisip na nakita sa  ang mga pinag-aralang maikling kuwento sa tesis  bilang kagamitan sa pananaliksik.

Mula sa kwalitatibong perspektiv, at mga talahanayan na naglalaman ng mga salik ang ginamit sa pagsusuri ng suliranin, metodolohiya, paglalahad at interpretasyon ng mga datos, natuklasan, konklusyon at rekomendasyon.

Ang talahanayan ay nagsilbing batayan upang malaman ng mambabasa ang kabuluhan, katangiang nangingibabaw, mga pagpapahalagang moral at kultural, kaugnayan ng pag-aaral sa disenyo ng pagtuturo ng maikling kuwento. Matapos napili ang mga tesis na pinagkunan ng mga datos, masusing pagbasa at pag-unawa sa bawat bahagi at mga mahahalagang elemento ng pag-aaral. Sa tulong ng ilang mga guro na nagsilbing konsutant na may karanasan sa pagtuturo ng pananaliksik at panunuring pampanitikan ay nakatulong sa pag-aanalisa ng mga pinag-aralang maikling kuwento sa tesis.

Sa tulong ng talahanayan, inilahad ang mga ginawang pagsusuri ng mananaliksik sa mga maikling kuwentong Filipino ni Genoveva Edroza Matute na nagwagi ng una at ikatlong patimpalak sa Gawad Carlos Palanca. Ang mga akdang ito ay ang mga sumusunod: Ang Kuwento ni Mabuti (1951), Pagbabalik (1952), Paglalayag sa Puso ng Isang Bata (1955), Parusa (1961) at Walong taong gulang (1939) bagamat hindi ito kasali sa nagtamong karangalan ng Carlos Palanca ni Matute, pinili ito ng mananaliksik na isama sa ginawang pagsusuri sa dahilang, nailahad dito ang natatanging karanasan ni Matute bilang guro na maihahambing at maiuugnay rin sa karanasang mayroon ang mananaliksik. Inilahad din ang mga elementong pampanitikang nakita sa bawat kuwento gayundin ang mga pagpapahalagang moral at kultural.

Ang mga talahanayan ay naglalahad ng mga sinuring elementong pampanitikan sa limang mga piling maikling kuwentong Pilipino ni Genoveva Edroza Matute.Susuriin ang mga elementong pampanitikan tulad ng banghay, tunggalian, tauhan, tagpuan, tono, paningin, estilo ng

paglalahad, simbolismo, tema, isama na rin an gang pagpapahalagang moral at kultural na siyang nagbibigay kulay at napapatingkad sa kagandahan ng mga nasabing piling maikling kuwentong Pilipino.

**Pagsusuri sa Kabuluhang Tampok sa Akdang "Ang Kuwento ni Mabuti" batay sa Elementong Pampanitikan.**

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng ginawang pagsusuri ng mananaliksik tungkol sa kabuluhang tampok sa akdang "Ang Kuwento ni Mabuti", kung saan ang mga sumusunod na elemento ay sinuri ng mananaliksik batay sa kanyang naunawaang ideya na naayon sa kahingian ng pag-aaral na ito.

**Banghay.** Sa simula ng kuwento ang kanyang pangkaraniwang guro ay lagi niyang inihahalitulad sa kariktan ng buhay sa kabila ng walang kagandahan sa kanyang anyo ay nakikita pa rin niya ang kaligayahan nito. Tinatawag siya ng". Mabuti "dahil ito ang laging bukambibig niya. iyon ang laging salaminan ng uri ng paniniwala niya sa buhay. Sa resolusyon naunawaan ni Fe ang lihim na kalungkutan na dinadala ng kanyang guro.

**Tunggalian**. Tao laban sa sarili. May kinalaman ito sa pagtitimbang-timbang ng mga pangyayaring kinahaharap ng pangunahing tauhan at kung ano ang gagawin niyang pagpapasiya.

Si Mabuti lang ang nakatakda kung kayang sabihin ang kanyang lihim na kalungkutan na mauunawaan at hindi mahuhusgahan sa murang isipan ng kanyang estudyante.

**Tauhan.** Si Mabuti, siya ay mabuting guro na may mabuting pananaw sa buhay. Siya ay tauhang lapad dahil hindi nagbago ang kanyang katauhan sa simula pa ng kuwento. Si Fe, ang estudyante ni Mabuti sa kuwento. Siya ay tauhang bilog, dati ay negatibo siya kung mag-isip sa simpleng problema pakiramdam niya pinakamabigat na problema sa mundo. Ngunit simula ng maging malapit ang kanyang loob sa guro naging positibo na ang tingin sa buhay.

**Tagpuan.** Sa paaralan, sa tagong sulok ng silid-akalatan. Doon nagkatagpo ang guro at estudtyante, sa lugar kung saan pilit nilang nilulutas ang kani-kanilang problema sa pagluha.

**Tono.**Puno ng inspirasyon, kung saan ito ang ibinibigay ni Mabuti sa kanyang mga estudyante na tingnan ang buhay na maganda, mabuti at makulay. Kalungkutan, tunay na malungkot ang tadhanang nasadlakan ni Mabuti na nagkaroon siya ng anak ngunit hindi naman siya naging asawa.

**Paningin.**Unang Panauhan – ang tauhan ang sumasanib sa isa sa mga tauhan na siya ang nagsasalaysay sa kuwento sa pamamagitan ng unang panauhang "ako". Bilang patunay ito ng unang pangungusap sa akda.

**Estilo ng Paglalahad**. Gumamit ng pagbabalik-tanaw upang isalaysay ang kuwento ng kanyang mga tagpo kasama si Mabuti at kung paano niya nakilala ito.

**Simbolismo**.Ang silid-aklatang yaon ay sumisimbolo sa naging tagpuan ng guro at estudyante upang maipahayag ang kani-kanilang damdamin sa paraang sila lang ang nagkakaunawaan.

**Tema.** Anumang pagsubok ang hinaharap dapat ipagpatuloy pa rin ang buhay, magkaroon pa rni ng mabuting pananaw sa buhay. Pangamba at Poot ang nagharing damdamin sa kuwento kung saan nakadama si Neneng ng pangamba na gambalain ang pagsasama nila ni asawang si Ventura at Poot naman ang naramdaman ni Boss sa dahilang gusto niya muling mapasakanya ang babaeng minahal niya.

**Pagsusuri sa Kabuluhang Tampok sa Akdang "Pagbabalik" batay sa Elementong Pampanitikan**

Nagpapakita ang talahanayan 3 ng ginawang pagsusuri ng mananaliksik tungkol sa kabuluhang tampok sa akdang "Pagbabalik", kung saan ang mga sumusunod na elemento ay sinuri ng mananaliksik batay sa kanyang naunawaang ideya na naayon sa kahingian ng pag-aaral na ito.

**Banghay.** Sa simula ay ang pagbabalik sa nayon ni Roman upang isakatuparan ang kanyang balak sa kanyang kaibigan na si Basilio. Ang pagsusuplong niya kay Basilio sa pamahalaan kapalit ang gantimpalang 80,000 upang magamit ito sa paglayo nito kasama ang kanyang asawa at tatlong supling. Sa resolusyon nito ay natagpuang bibitin-bitin si Roman sa punong kahoy na wala ng buhay.

**Tunggalian.** Tao laban sa lipunan, ang kinakalaban ay mga pangyayari sa lipunang kanyang kinagagalawan. Kapwa sila pinaghahanap ng lipunan na may patong sa ulo ng 80,000 ang sinumang makakasuplong sa pamahalaan.

**Tauhan. Si Roman**, kasama ni Basilio sa kilusan na nagawang ipinagkanulo ang matalik na kaibigan kapalit ng salapi ng gagamitin niya sa paglayo kasama ng kanyang pamilya. Siya ay **tauhang bilog**, kung saan may naganap na pagbabago sa kanyang katauhan dahil sa tawag

ng salapi nagawa niyang maging traydor sa kanyang kaibigan. **Si Basilio,** kasamahan sa kilusan at matalik na kaibigan ni Roman.Siya ay tauhang lapad- walang naganap na pagbabago sa kanyang katauhan.

**Tagpuan.** Sa kabundukan, kapatagan, kung saan nananahan ang magkaibigang Roman at Basilio. Sa kapatagan rin nagwakas ang buhay ni Roman,

**Tono.** Paglilinlang para sa samahan o kilusang kinaaniban ni Roman. Kasakiman ang pinairal ni Roman upang makuha ang gantimpla para sa kanyang pagbabagong buhay.

**Paningin.** Ang kuwento ay ginamit ang pangatlong panauhan, kung saan malayang nagsasalaysay ng mga pangyayari sa kuwento. Ang nagsasalaysay ay maaring pumasok sa isipan at damdamin at sabihin sa bumabasa kung ano ano ang iniisip at nadarama.

**Estilo ng Paglalahad.** Paglalarawan ang ginamit na paglalahad, inilalarawan ang atmosperang kinaroroonan ng kuwento upang higit na mapadama ang emosyong mayroon ito. Matatagpuan ito sa pahayag na:

**Simbolismo.** Bagong Hudas- Sumisimbolo sa kasakiman ng dahil sa salapi ang nagawang ipinagkanulo ang matalik na kaibigan.

**Tema.** Ang sumbat ng budhi ay kailanman ay di matatakasan. Ito ay napatunayan sa kuwento nang nagimbal ang buong nayon na natagpuan ang katawan ni Roman na wala ng buhay na bibitin-bitin sa isang malaking punongkahoy. Nagpapatunay lang na pinagbayaran ni Roman ang kanyang naging kasalanan.

**Pagsusuri sa Kabuluhang Tampok sa Akdang "Paglalayag sa Puso ng Isang Bata" batay sa Elementong Pampanitikan**

**Banghay.** Sa simula ang pagtataka ng guro sa gawi ng bata, isang mahiyaing bata na madalas ay pahuli sa kanyang mga kasamahan. Ngunit sa huli kanyang napagdugtong-dugtong ang mga ito. Ang bata ay isang ulilang lubos na lumuwas upang maging utusan. Sa araw siya ay nag-aaral upang makasama sa pagpasok at pag-uwi ang anak ng kanyang amo. Ang pagkaramdam ng guro ng kalungkutan para sa bata, sapagkat gusto niyang makitang masayang nakikisalamuhaang batang iyon sa iba

**Tunggalian.**Tao laban sa Sarili, sapagkat sa pangyayaring iyon nasaktan niya ang loob ng bata sa pangyayaring iyon. Ito ay tunggaliang nagmumula sa kapwa tao. Mahirap magpigil ng galit sa sarili kailangan mo ito isambulat para mapagaan ang bigat ng mararamdaman na hindi alintana na maaring makasakit ka ng damdamin ng iba.

**Tauhan.** Ang guro dito ay tauhang bilog, kung saan naipakita niya ang pagbabago ng kanyang katauhan nang minsan na hindi niya napigilan ang kanyang galit at nalait niya ang bata.

Ang bata ay Tauhang Bilog**,** Kung saan naipakita niya ang pagbabago ng kanyang katauhan, Kung saan naipakita niya ang pagbabago ng kanyang katauhan nang minsan siya ay naging tahimik at nag-iisa, dahil sa paghihikayat ng guro na humabilo ito sa kanyang mga kaklase nagawa niya ito ngunit nanumbalik rin ang kanyang pagiging malungkot at laging pag-iisa.

**Tagpuan.** Sa paaralan, ito ang lugar na mag-uugnay sa mga tauhan. Sa kuwentong may ugnayang guro at mag-aaral, Ang paaralan ang laging tagpuan upang malinaw na maihatid at ipaunawa ang daloy ng kuwento at kaugnayan ng tagpuan.

**Tono.** Panghihinayang ang nadama ng guro ng minsang nilait niya ang kanyang estudyante na ikinasama ng loob nito. Pagmamahal ang ipinadama ng guro sa pagnanais nito na makihalubilo sa kanyang mga estudyante at maging masaya tulad ng ibang mga bata

**Paningin.**Pangatlong Panauhan, ang nagkukuwento ay gumagamit ng pangatlong panauhan na malayang nagsasalaysay ng mga pangyayari sa kuwento. Ginunita ng guro ang dati niyang mag-aaral, sa karanasang hindi niya malilimutan kasama ng batang lalaking estudyante**.**

**Estilo ng Paglalahad.** Paraang Pagsasalaysay, kung saan isinasalaysay ng guro ang kanyang naging karanasan kasama ang batang kanyang estudyante. Ikinuwento ng may- akda ang dahilan ng gawi at kilos ng pangunahing tauhan, upang mas higit na maunawaan pa ang daloy ng kuwento.

**Simbolismo.** Upuan, ang madalas na pag-aayos at pagpapantay-pantay nito bago umuwi ang bata mula sa paaralan ay palatandaan ng paggalang at paggiliw ng bata sa kanyang guro. to ay palatandaan ng kanyang paggalang at kagiliwan sa guro at bilang ganti na rin sa pagmamalasakit at pagmamahal na ipinapakita ng guro sa kanya.

**Tema.** Ipinakita ng may akda na ang mga bata ay may mga paraan upang ipaalaala sa mga matatanda ang mga bagay na hindi nagawa dahil sa pagmamataas.

Itinuro ng mag-aaral na sa guro na ang pagmamataas ay nakabibigat ng loob at walang naidudulot na maganda. Kailangang hindi basta-basta magpapadala sa bugso ng damdamin, matutong kontrolin ang sarili, huwag dalhin sa klase ang problema. Paupahin muna ito.

**Pagsusuri sa Kabuluhang Tampok sa Akdang "Parusa" batay sa Elementong Pampanitikan**

**Banghay**. Ang ginawang panggigipit sa pamilya ni Ventura ni Big Boss sa dahilang gusto niyang makuha muli ang babaeng naging kasintahan niya noon na si Neneng at ito ay asawa na ni Ventura. Ngunit sa huli naging tila kaparusahan sa kanya ang ginawa niyang panggigipit sa pagbigay ng tulong nang magkasakit ang anak ni Ventura na ikinamatay nito at nalaman niyang anak ni Neneng sa dati niyang kasintahan.

**Tunggalian.** Tao laban sa tao. Sinabi ni Salamin kay Big Boss ang tungkol kay Ventura. Nalaman ni Big Boss na misis ni Ventura ang isa sa kanyang naging bata na ang pangalan ay Neneng. May mga tao na gagawin ang lahat upang makuha niya ang kaligayahang hinahangad kahit ikapahamak pa ng iba. Nagiging sakim ang tao sa pag-aakalang ang lahat ay makukuha niya ng kanyang kayamanan. Ngunit mali si Big Boss dahil nananaig pa ria ng respeto at pagmamahal ni Neneng sa kanyang asawang si Ventura.

**Tauhan.** Si Ventura- Isang bagong pasok na trabahador sa bapor, asawa ni Neneng. Isang tauhang lapad- walang pagbabagong pangkatauhang naganap sa kanyang sarili. Big Boss, lider sa unyon sa bapor, dating kasintahan ni Neneng, hangad na magkaroon ng buhay sa piling ni Neneng. Siya'y tauhang antagonista, Hiningan nito ng tulong ni Venturanang magkasakit ang anak nito, ngunit hindi niya ito pinagbigyan hanggang hindi si Neneng ang lumapit at makiusap sa kanya

**Tagpuan.** Sa daungan ng barko, naging bahagi na buhay ng mga tauhan sa kuwento. Sa pagsikat ng araw laman na ng daungan ng barko ang mga tauhan ni Boss tila baga bahagi na ng kaniang buhay ang lugar na ito. Na naging saksi na hindi makatarungang pamamalakad ng kanilang lider ng unyong kinabibilangan ni Ventura.

**Tono.** Pangamba at Poot ang nagharing damdamin sa kuwento kung saan nakadama si Neneng ng pangamba na gambalain ang pagsasama nila ng kanyang asawang si Ventura.

**Paningin.** Nasa pangatlong panauhan ang kuwento kung saan malayang naisasalaysay ang mga pangyayari sa kuwento. Ang laki ng tagumpay ni Big Boss sa maraming bagay ngunit nakatagpo siya ng kabiguan kay Neneng nang lubusan nang ipinid niya madugtungan pa ang kanilang naging kahapon. Ang paggalang ni Neneng kay Ventura ang nakapagpabago sa kaniyang kapasiyahan.

**Estilo ng Paglalahad.** Paglalarawan ang ginamit sa paglalahad dito kung saan inilarawan ng may akda ang bawat pangyayari upang maitampok ang katuturan ng kuwento. Ito ay ipinahihiwatig sa mga sumusunod na pahayag na maytatagpuan sa kuwento.

**Simbolismo. Daungan,** ang iba't ibang ingay nito ay tuluyang nang rumaragasa na naghuhumindig na alon na nagngangalit na dagat tulad ng bawat damdaming nararamdaman ni Big Boss.

**Tema.** Hindi lahat ng bagay ay nabibili ng kayamanan. Ang tao ay laging maghahanap ng tunay na ugat ng kaligayahan.

**Pagsusuri sa Kabuluhang Tampok sa Akdang "Walong taong Gulang" batay sa Elementong Pampanitikan**

**Banghay.** Ito ay kuwento ng isang guro at kaniyang estudyante. Ang estudyante ay isang batang hindi mahilig makihalubilo sa kapwa niya bata kahit na siya ay sinabihan ng kaniiyang guro na makihalubilo. Habang tumatagal, makikihalubilo ang bata ngunit hindi ito nagtatagal at bumalik sa pagiging matamlay ang bata. Sa pagtatapos ng istorya, malalaman ng guro ang estado ng pamumuhay ng kaniyang estudyante at malalaman niya ang kadahilanan ng pagiging matamlay ng bata.

**Tunggalian.** Tao laban sa Sarili, ang ginamit na tunggalian sa kuwento. Kung paano maidudugtong ng guro ang kanyang pagmamalasakit sa isang bata sa kabila ng dami ng kanyang tinuturuan.

**Tauhan. Bb. Dela Rosa**, siya ay tauhang Lapad, mula simula pa ay naipakita ng guro ang kanyang pagmamalasakit at pagmamahal sa kanyang mga tinuturuan at hindi ito nagbago. **Leoncio Santos**, ang kawawang mag-aaral na pinakitaan ng pagmamalasakit ng guro. Siya ay tauhang Lapad. Hindi napagkitaan ng pagbabago tulad pa rin ng dati laging mapag-isa. Kapwa sila mga tauhang lapad dahil ang bawat isa ay hindi pinagkakitaan ng pagbabago nanatiling mapagmahal at mapagmalasakit si Bb. Dela Rosa, samatalang si Lencio ay nanatiling mahina, mapag-isa at malungkot sa kabila ng pagsisikap ni Dela Rosa na maging masaya ito kasama pa ng iba niyang mag-aaral.

**Tagpuan.** Sa paaralan at tahanan ni Leoncio, ang mga tagpuang ito ay nagpaigting ng relasyon ng isang guro sa kanyang estudyante, nagpapatunay ng pagmamalasakit ng isang guro ay hindi lamang nakikita sa paaralan kundi nagpapatuloy ito sa tahanan.

**Tono.** Kalungkutan at awang madarama mo sa kuwento Sa dami ng mga estudyante kinakailngan ng guro na magkaroon ng *personal touch*

sa kanyang estudyante at iilan lamang ang mga gurong nagpapakita ng dalisay na pagmamahal at pagmamalasakit sa kanilang estudyante.

**Paningin.** Nasa unang panauhan ang kuwento kung saan sumasanib sa isa sa mga tauhan na siyang nagsasalaysay ng kuwento.

**Estilo ng Paglalahad.** Paglalarawan ang estilo ng paglalahad ng kuwento kung saan inilalarawan ang kaanyuhan ng batangs si Leoncio upang maitampok ang kanyang pagkatao.

**Simbolismo.** Gulay at prutas, ito ang naging batayan ng guro sa kalagayang pangkalusugan ni Leoncio sa tuwing babanggitin nito ang pagkain nito tumutungo at natatahimik ang bata sa dahilan sa kahirapan ay walang kakayahang bilihin ito.

**Tema.** Pagkakaroon ng *personal touch* ng isang guro sa kalagayan ng kanyang mga mag-aaral. Pagkakaroon ng dalisay na pagmamalasakit ng isang guro sa kalagayan ng kanyang mag-aaral na hindi lang natatapos sa loob ng paaralan naidudugtong pa ito maging sa tahanan ng isang bata upang malaman at maunawaan ang kalagayang mayroon ang mag-aaral.

**Pagsusuri sa Katangiang nangibabaw sa Akdang "Ang Kuwento ni Mabuti" batay sa Elementong Pampanitikan**

**Banghay.** Ipinapakita sa kuwento na hindi dapat tayo sumusuko at magiging matatag sa anumang trahedya ay malalagpasan sa tulong ng Panginoon

**Tunggalian.** Taon laban sa sarili, Ipinakita ni Mabuti ang kanyang kabutihan sa kabila ng tadhana at problemang ibinigay sa kanya ng buhay.

**Tauhan.** Si Mabuti ay isang tauhang lapad dahil hindi siya nagbago ng tauhan. Si Fe ay isang tauhang bilog, dahil dati ay negatibo siyang mag-isip, Ngunit ng makilala niya si Mabuti, naging positibo ang pananaw niya sa buhay.

**Tagpuan.** Ang tagpuan ay sa isang paaralan, Doon kung saan sila nagkita. Sa isang lumang silid sa ikalawang palapag, Sa itaas ng lumang hagdang umiingit sa bawat hakbang doon kung manunungaw ay matatanaw ang maruming tubig ng estero.

**Tono.** Ang kuwento ay maemosyon. Naipakita ng mga tauhan ang kanilang mga damdamin sa tulong ng paggamit ng mga angkop na salita. Isa pang nakatulong dito'y dahil angkop ang kilos ng mga tauhan sa kung paano sila ilalarawan. Sa huling bahagi ay malungkot ang tonong nangibabaw, kung susuriing mabuti akma lamang ang tonong nakita sa mga pangyayari.

**Paningin.** Nasa unang panauhan dahil nilagay ng may akda na si Genoveva Edroza Matute ang kanyang sarili at ito ay si Fe. Bilang patunay ito ng unang pangungusap sa akda." Hindi ko na siya nakikita ngayon."

**Estilo ng Paglalahad.** Sa paglalarawan ng may akda nailahad dito kung ano ang pagkatao ng gurong si Mabuti sa tinuran dito kay Fe na …

"Iyon lamang nakararanas ng mga lihim na kalungkutan ang maaaring makakilala ng mga lihim na kaligayahan."

**Simbolismo.**Ang silid-aklatan na laging pinupuntahan ni Mabuti at Fe, ay naging tampok na simbolo sa kuwento na sumisimbolo sa lugar ng kanilang maaring nilang ilabas ang kanilang mga suliranin at kalungkutan sa kanilang buhay.

**Tema.** "Iyon lamang nakararanas ng lihim na kalungkutan ang nakakakilala sa lihim na kaligayahan." sa kabila ng dinadala ni Mabuti ay patuloy pa ring inuusad ang kaniyang buhay. Hindi niya ipanapakita sa iba ang kanyang pinagdaraanan sapagkat alam niyang siya lamang ang makatutulong sa kanyang sarili. At dahil nga sa ganitong paghawak niya sa kanyang sitwasyon ay masasabing namulat rin siya sa mga lihim na kaligayahyan. Alam niyang mayroon siyang dapat ipaglaban sa buhay ito ang kanyang anak.

**Pagsusuri sa Katangiang nangibabaw sa Akdang "Parusa" batay sa Elementong Pampanitikan**

**Banghay.** Ipinahihiwatig sa kuwento na tunay na hindi ka papatahimikin ng sumbat ng iyong budhi pagbabayaran mo ito sa paraang hindi mo inaakala. Ipinahihiwatig dito na patas ang buhay sa mali mong ginawa ay dapat mong pagbayaran, Hindi ka patatahimikin ng iyong budhi sa sumbat nito.

**Tunggalian.** Tao sa lipunan ang lipunan ang naging matinding kalaban nila Basilio at Roman, Lipunan rin ang nagpabago sa samahan ng magkaibigan sa malaking halagang nakapatong sa ulo ni Basilio nakagawang ipagkanulo ni Roman sa sariling pag-iimbot.

**Tauhan**. Tauhang Bilog si Roman ang kanyang kasakiman sa salapi sa paghahangad na mabigyan ng magandang buhay ang pamilya ang nagpabago sa kanya. Tauhang Lapad si Basilio nanatili sa kanyang katauhan si Basilio na ipinaglalaban ang kanyang paniniwala, mas pinilit niyang mamatay na lumalaban kaysa magpahuli o sumuko sa mga makapangyarihan.

**Tagpuan.** Sa kabundukan at kapatagan kung saan naging saksi ang mga lugar na ito sa pakikipagsapalaran ng magkaibigang si Basilio at Roman. Sa kanilang pamumuhay sa kabundukan sa pakikipaglaban ng kanilang paniniwala hanggang sa kapatagan kung saan nagwakas ang kanilang mga buhay. Dahil sa kanilang kasakiman. .

**Tono.** Paglinlang kung saan ang ginawang paraan ni Roman upang makapagbagong buhay. Kasakiman na hindi iniisip ang kapakanan ng kayang kaibigan maisagawa lang ang nais para sa kanyang sariling kapakanan.

**Paningin.** Nasa Pangatlong Panauhan ang kuwento. Malayang nagsasalaysay ang mga pangyayari sa kuwento Ang nagsasalaysay ay maaaring pumasok sa isipan at damdamin ng mga tauhan at sabihin sa mga bumabasa ang kanilang nadarama.

**Estilo ng Paglalahad**.Paglalarawan ang ginamit na paglalahad. Inilarawan ang atmosperang kinaroroonan ng kuwento upang higit na maipadama ang emosyong mayroon ito.

**Simbolismo.** Sa kuwentong ito ay gumamit ng simbolong Bagong Hudas**.** Sumisimbolo ito sa kasakiman sa salapi, at nagawang ipagkanulo ang kanyang matalik na kaibigan.

**Tema.** Ang sumbat ng buhdi ay kailanman ay hindi matatakasan. Nagpapatunay ito sa pangyayari sa kuwento anumang ginawa mo sa iyong kapwa ay hindi ka patatahimikin ng iyong budhi, Mapagbabayaran mo ang iyong kasalanan sa paraang di mo inaasahan

**Pagsusuri sa Katangiang nangibabaw sa Akdang "Paglalayag sa Puso ng Isang Bata" batay sa Elementong Pampanitikan**

**Banghay.** Ginugunita ng guro sa kanyang dating mag-aaral, ang kanyang mag-aaral na minsan na siyang naging guro sa kanya. Ipinakita ng batang iyon ang mukha ng pagkukumbaba. Nang magkaroon nga ng atensyon at pagmamahal sa bata ito ay naging masayahin na. Nagsimula na itong maging normal na bata na nakikihalubilo at nakikipaglaro sa mga batang tulad nito.

**Tunggalian.** Tunggalian Tao laban sa sarili, minsan nagiging mahirap sa isang tao ang pagpigil sa galit na nararamdaman niya na makakalimutan na niya na nakakasakit na siya sa kanyang kapwa at naipapakita na niya ang pagiging mapagmataas.

**Tauhan**. Ang guro at ang mag-aaral ay kapwa tauhang bilog dahil nakakitaan sila ng mga pagbabago sa kanilang katauhan, Bagamat sa

simula ang guro ay nagpakita ng kabutihan at pagmamahal sa bata. Nagkaroon ng pagkakataon na hindi niya napigil ang kanyang sarili na mapagalitan ang bata na dahilan ng paglayo ng loob ng bata sa kanya. Ngunit patuloy pa rin ito ng nagpakita ng pagrespeto at pagmamahal niya sa guro.

**Tagpuan.** Sa paaralan, sa mga akdang may ugnayang guro at mag-aaral ito laging nagiging tagpuan kung saan naitatampok dito ang tunay na ugnayan ng guro at mag-aaral.

**Tono.** Sa simula ay naipakita ng guro ang pagmamahal niya sa kanyang mag-aaral kaya ganun na lamang ang kanyang nais na mapalapit at maihalubilo ito sa iba niyang mga mag-aaral. Dahil na rin sa pagpapakita ng guro ng pagmamalasakit sa bata ay unti-unti itong nakihalubilo sa iba niyang estudyante. Nagkaroon ng pangyayari na mapagalitan niya ang bata na dahilan ng pagbalik ng pag-iisa nito ngunit hindi napawi ang kanyang pagmamahal at pagrespeto sa guro.

**Paningin.** Gumamit ng pangatlong panauhan na malayang nagsasasalaysay ng mga pangyayari sa kuwento. Nagpapahiwatig ito ng pagsasalaysay ng mga pangyayari sa simulang talata ng kuwento.

**Estilo ng Paglalahad.** Ang paraan ng paglalahad nito ay pasalaysay. Isinasalaysay ng guro ang kanyang naging karanasan kasama ang isang bata kanyang estudyante. Sa paraang ito ikinukwento mismo ng tauhan ang kanyang karanasan habang binabasa ang akda.

**Simbolismo.** Gumamit ng simbolong upuan ang kuwento marahil ang tagpuan ng kuwento ay nasa paaralan. Ang pag-aayos ng upuan lagi ng bata ay upang ipakita niya ang pagmamahal at paggalang ng gurong nagmamalasakit sa kanya.

**Tema.** Sa kwentong ito, ipinakita ng may-akda na ang mga bata ay may mga paraan upang ipaalala sa mga matatanda ang mga bagay na hindi nila magawa dahil sa pagmamataas. Itinuro ng mag-aaral na sa guro na ang pagmamataas ay nakabibigat ng loob at walang naidudulot na maganda.

**Pagsusuri sa Katangiang nangibabaw sa Akdang "Parusa" batay sa Elementong Pampanitikan**

**Banghay.** Ang ginawang panggigipit sa pamilya ni Ventura ni Big Boss sa dahilang gusto niyang makuhang muli ang babaeng naging kasintahan niya noon na si Neneng, Ngunit sa huli tila naging kaparusahan sa kanya ang ginawang niyang panggigipit sa pagbigay ng tulong nang magkasakit

ang anak ni Ventura, sa dahilang nalaman niya na hindi ito tunay na anak ni Ventura dahil anak ito ni Neneng sa una niyang naging kasintahan na maaaring siya rin ang ama nito.

**Tunggalian.** Tao laban sa tao ang tunggalian dito ay pangunahing uri ng panlabas na tunggalian. May mga tao na gagawin ang lahat, makuha lang ang kaligayahang hinahangad. Ngunit kung minsan nagkakamali tayo sa pag-aakalang lahat ay nakukuha ng salapi ang ating ninanais.

**Tauhan**. Si Big Boss bilang Antagonista siya ay lumikha ng hakbang para hindi matagumpay ang pangunahing tauhan. Si Ventura na tauhang lapad na nanatiling walang pagbabago ang kanyang katauhan. Taliwas sa kanyang asawang si Neneng dahil sa laki ng respeto sa kanyang asawa na si Ventura nanatili itong tapat at hindi nagpadala sa udyok ng pagnanasa ni Big Boss.

**Tagpuan.** Sa daungan rin nakabuo ng kapangyarihan at kayamanan si Big Boss, bilang lider ng unyon. Ito ang ginamit niya para maghari-harian sa daungan.

**Tono.** Pangamba at Poot ang nagharing damdamin sa kuwento kung saan nakadama si Neneng ng pangamba na gambalain ang pagsasama nila ni asawang si Ventura at Poot naman ang naramdaman ni Big Boss sa dahilang gusto niya muling mapasakanya ang babaeng minahal niya.

**Paningin**. Nasa pangatlong pananaw ang kuwento kung saan malayang naisasalaysay ang mga pangyayari sa kuwento. Mula sa malaking tagumpay ni Big Boss hanggang sa kabiguan niya kay Neneng

**Estilo ng Paglalahad.** Paglalarawan ang ginamit na paglalahad dito kung saan inilarawan ng may akda ang mga bawat pangyayari upang maitampok ang katuturan ng kuwento.

**Simbolismo.** Daungan ito ay sumisimbolo sa uri ng buhay at pamamalakad ni Boss sa kanyan mga tauhan o bata na magulo at maingay. Ang simbolong daungan ang nagpahiwatig na anong atmospera mayroon ang kuwento.

**Tema.** Ang kawalan ng pamilya, ang walang hanggang paghahanap sa mga ugat ng tunay na kaligayahan. Ang tunay na kawalan ng isang tao na hindi nabibili ng salapi.

Ang kawalan ng pamilya ni Big Boss ang nagpaigting sa kanyang pagnanasa na makuha di Neneng at pagnanasa nitong magkaroon ng anak, at ito ang ugat ng kalgayahang kanyang inaasan.

**Pagsusuri sa Katangiang nangibabaw sa Akdang “Walong Taong Gulang” batay sa Elementong Pampanitikan**

**Banghay.** Ito ay istorya ng isang guro at kaniyang estudyante. Ang estudyante ay isang batang hindi mahilig makihalubilo sa kapwa niya bata kahit na siya ay sinabihan ng kaniiyang guro na makihalubilo. Habang tumatagal, makikihalubilo ang bata ngunit hindi ito nagtatagal at babalik sa pagiging matamlay ang bata. Sa pagtatapos ng istorya, malalaman ng guro ang estado ng pamumuhay ng kaniyang estudyante at malalaman niya ang kadahilanan ng pagiging matamlay ng bata.

**Tunggalian.** Tao laban sa Sarili. Kung paano maidudugtong ng guro ang kanyang pagmamalasakit sa isang bata sa kabila ng dami ng kanyang tinuturuan. Ang pagnanais ng gurong maging masaya at makihalubilo sa mga batang tulad niya, Ang batang higit sa lahat nakatawag pansin sa kanya.

**Tauhan.** Kapwa mga tauhang lapad ang mga tauhang sina Bb. Dela Rosa at Lencio Santos, nagpakita na patuloy na pagmamalasakit at pagmamahal ang guro sa kanyang mga tinuturuan. At si Leoncio ay hindi napagkakitaan ng pagbabago at lagi pa rin itong nag-iisa. Ang pagiging tauhang lapad ni Bb. Dela Rosa ay nagpakita ng positibong katangian upang patuloy na mapagmalasakitan ang mga batang tulad ni Leoncio.

**Tagpuan.** Sa paaralan at tahanan ni Leoncio. Sa paaralan nabubuo ang ugnayan ng isang guro at estudyante, ngunit maari rin dugtungan ito kung ang isang guro ay ay magkakaroon ng malasakit sa pagpunta o bisita sa mga tahanan ng kanyang estudyante upang malaman ang kalagayan nito sa buhay at maunawaan ang mga ikinikilos nito kapag nasa loob na ng paaralan.

**Paningin.** Nasa Unang Panauhan sumasanib sa isa sa mga tauhan na siyang nagsasalaysay ng kuwento.

**Estilo ng Paglalahad.** Paglalarawan ang gumamit na estilo ng paglalahad sa kuwento kung saan inilarawan ang kaanyuhan ng batang si Leoncio upang maitampok ang kanyang pagkatao sa kuwento.

**Simbolismo.** Gumamit ng mga simbolong gulay at prutas na nagpapahiwatig ng kawalang kakayahang mabili ng pamilya ni Leoncio dahil sa kahirapan kaya naging payat at kawalang sigla ni Leoncio.

**Tema.** Ang kuwento ay nakasentro sa batang si Leoncio kung bakit ninanais ng kanyang guro na maging tulad sa ibang bata si Leoncio na masayahin at magiliw. Ngunit bunsod na rin ng kahirapang nararanasan sa pamilya, nahihirapan itong makihalubilo sa mga batang tulad niya.

Kaya kailangan ng matinding pagmamalasakit, pag-unawa at dalisay na pagmamahal na dapat ibigay ng isang guro.

**Pagsusuri sa mga Pagpapahalagang Moral sa mga Piling Akdang Filipino ni Genoviva Edrosa Matute**

Sa ginawang pagsusuri batay sa Pagpapahalagang Moral na nabanggit sa mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute. Sa kuwentong pinamagatang "Ang Kuwento ni Mabuti", makikita dito na si Mabuti ay nagpapakita ng pagiging Matatag sa hamon ng buhay

Nailahad din sa akda ang pagiging Mapagmahal, Ipinakita sa akdang ito ang mapagmahal na guro na si Mabuti na nagbibigay inspirasyon sa buhay ng kanyang mga estudyante.

Sa gayon din kuwento natuklasan ang pagiging Positibong Pananaw sa Buhay, Makikita sa akda ang pagiging positibo sa buhay ni Mabuti sa kabila ng hindi naging maganda ang naging kapalaran niya sa buhay, nanatiling pa ring positibo ang pananaw niya sa buhay.

Sa kuwentong pinamagatang "Pagbabalik", Ipinakita sa akda ng tauhan si Roman ang kawalan niya ng budhi ng ipagkanulo niya ang kaibigang si Basilio na naging dahilan ng kamatayan nito.

Natuklasan ang Paggalang sa buhay ng isang tao – ang paggalang sa buhay ay ngangahulugan ng paggalang mo sa iyong sarili, kung mahal mo ang iyong sarili, mahal mo ang buhay na biyaya ng Diyos. Kung mahal mo ang iyong buhay di ka gagawa ng anumang ikasasama nito.

Inilahad sa akdang ito ang Paggalang sa isang samahan – anumang samahan ang iyong kinabibilangan, dapat na matuto kang gumalang at respituhin ang anumang pinaniniwalaan nito. Hindi ka dapat na maging mapag-imbot at ipagkakanulo ang isang samahan para sa sariling kapakanan.

Sa gayon din kuwento natuklasan ang Kasakiman - ang kasakiman ay isang katangian ng tao kung saan gusto niyang siya lamang ang nagmamay-ari o nakakakuha ng isang bagay. Pagkakaroon ng sumbat ng iyong budhi at kaparushan ang kahahantungan.

Sa Akdang pinamagatang ang "Paglalayag sa Puso ng Isang Bata", natuklasan ang pagpapahalagang moral ang Pagmamalasakit sa Kapwa. Matinding pagmamalasakit ang ipinakita ng guro sa kanyang estudyante na ninais nito na makitang ang kanyang estudyante ay masayang nakikihalubilo sa ibang mga batang tulad niya.

Sa gayunding akda, natuklasan ang pagpapahalagang moral ang Hindi panghuhusga. May isang pagkakataon sa akda na labis na nagalit ang guro sa bata kaya ito ay kanyang nalait at nahusgahan. hindi maganda ang panghuhusga sa kapwa, akala natin minsan na tama ay mali pala, bago tayo magsalita ay intindihin muna natin ang buong istorya. Intindihin natin ang pinagdadaanan ng tao bago manghusga. Walang perpektong tao, lahat ay maaaring magkamali.

Natuklasan, din ang pagpapahalagang moral ang Pagtitimpi. Kung napigilan lang ng guro ang kanyang damdamin hindi sana masasaktan at magdaramdam ang bata, dahilan ng kanyang muling pag-iisa at malungkutin nito.

Sa akdang pinamagatang "Parusa", natuklasan ang pagpapahalagang moral ang Paggalang sa dignidad ng tao – Ninais ni Big Boss na makuha niyang muli ang dating naging kasintahan sa kabila ng pagkakaroon ng asawang si Ventura.

Ang paggalang sa dignidad ng isang tao ay dapat ibinibigay sa tao habang siya'y nabubuhay anumang antas at kaatayuan niya sa buhay. Lahat ay isinasaalang at hinahangad ang kabutihan para sa kanyang kapwa.

Natuklasan din sa akdang ito ang Awa sa mga taong nangangailangan ng tulong bilang pagpapahalagang moral – Hindi dapat ginipit ni Big Boss si Ventura ng lapitan ito ni Ventura tungkol sa pagkakasakit ng anak nito kung may awa pang pinairal si Big Boss disin sana ay buhay pa ang bata sa katotohanang kanya palang tunay na anak.

Dalisay na pagmamahal. Ipinakita dito ni Bb. Dela Rosa ang dalisay niyang pagmamahal sa kanyang estudyanteng si Leoncio sa dami ng kanyang estudyante ito ang napatuunan niya ng pansin.

Sa akdang pinamagatang "Walong Taong Gulang", ang pagpapahalagang moral na ipinakita dito ay Paggalang o respeto, tulad ng batang si Leoncio, sa kabila ng kakaiba niyang pangangatawan sa kanyang mga kamag-aral ay sana ay nanatili ang kanilang paggalang sa bata.

Paggalang o respeto – ang pagpapakita nito ay nangangahulugan na pagpapahalaga mo sa iyong kapwa, ito rin ay palatandaan ng paggawa ng kabutihan na nais mong maibigay rin sa iyo.

Dalisay na pagmamahal. Ipinakita dito ni Bb. Dela Rosa ang dalisay niyang pagmamahal sa kanyang estudyanteng si Leoncio sa dami ng kanyang estudyante ito ang napatuunan niya ng pansin.

**Pagsusuri sa mga Pagpapahalagang Kultural sa mga Piling Akdang Filipino ni Genoveva Edroza Matute**

Sa akdang "Ang Kuwento ni Mabuti", ang pagpapahalagang kultural na ipinakita dito ay ang Pagsasabi ng problema sa taong mapagkakatiwalaan. Ito ay ipinakita sa akda kung saan inilahad ni Fe ang kanyang suliraning pambata sa kanyang guro ng buong pagtitiwala.

Sa akdang ding ito ay inilahad, ang Pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay sa kabila ng mga suliranin. Ipinakita sa tauhang si Mabuti nasa kabila ng mga problemang pinagdadaanan sa buhay nanatiling positibo at maganda pa rin ang tingin sa buhay.

Sa akdang pinamagatang "Pagbabalik" mababasa dito ang pagpapahalagang kultural, Ang Pagkapit sa patalim sa oras ng pangangailangan**.** Ipinakita sa akda kung saan si Roman, sa pagnanais na mabigyan ng maginhawang buhay ang pamilya ay nagawanag ipagkanulo ang kanyang kaibigang si Basilio.

Sa akda ding ito ang Panunumbat ng budhi sa kasalanang nagawa**,** ay isang pagpapahalagang kultural. Ito ang naramdaman ni Roman pagkatapos niyang ipagkanulo ang kanyang kaibigang si Basilio sa pamahalaan na dahilan ng kamatayan nito.

Sa akdang pinamagatang "Paglalayag sa Puso ng Isang Bata", ang pagpapahalagang kultural na inilahad dito ay ang Pagkalimot sa mabuting kaasalan dahil sa matinding galit. Ipinakita sa akda nang minsang mapagalitan ng guro ang bata at nakalimot sa mabuting kaasalan na dapat na hindi niya ginawa na labis na pinagdamdam ng bata.

Sa gayon ding akda ang pagpapahalagang kultural ay makikitaan din ang Pagsisisi sa maling nagawa. Inilahad sa akda na napagalitan ng guro ang bata na dahilan ng paglalait niya dito. Ikinasama ng loob ng bata. Sising-sisi ang guro sa kanyang nagawa.

Sa akdang pinamagatang "Parusa" ang pagpapahalagang kultural na mababasa dito ang Pagpapahalaga sa pamilya. Inilahad sa akda ang pagnanais na magkaroon ni Big Boss na sariling pamilya, ang kawalan ng pamilya, ang siyang pinag-ugatan ng kanyang kalungkutan.

Sa akda din ito, makikitaan din ng pagpapahalagang kultural gaya ng Pangungutang kahit sa malaking interes. Inilahad sa akda nang magkasakit ang anak ni Ventura ay ninais niyang mangutang kahit sa malaking interes mapahospital lang ang anak.

Akdang pinamagatang "Walong Taong Gulang" makikitaan ng mga pagpapahalagang kultural tulad ng Pagkadama ng awa Ipinakita sa

akda ang awang naramdaman ng guro sa kanyang estudyante lalo na ng kanyang bisitahin ito sa kanyang tahanan natambad sa kanya ang katotohanang dinadanas na kahirapan ng batang si Leoncio.

Sa akdang ding ito, makikitaan ng pagpapahalagang kultural gaya ng Pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan. Ipinakita sa akda ang awang naramdaman ng guro sa kanyang estudyante lalo na ng kanyang bisitahin ito sa kanyang tahanan natambad sa kanya ang katotohanang dinadanas na kahirapan ng batang si Leoncio.

**Mga Implikasyon ng mga Kinalabasan sa Kasanayan sa Mataas na Antas ng Pag-iisip. Sa limang Piling Maikling Kuwento ni Genoviva Edroza Matute**

Sa ginawang pagsusuri sa akdang pinamagatang "Ang Kuwento ni Mabuti", ang implikasyon dito na mababasa ay Ang karakter ni Mabuti ay masasalamin natin ang isang malakas na tao, hindi ipinapakita ni Mabuti sa iba ang kanyang kalungkutan dahil gusto niyang ang makita sa kanya ng iba o ng kanyang mga estudyante ay kabutihan o pagiging positibo sa buhay.

Maiuugnay sa pagtuturo ng Filipino ang katangian ng pagiging positibo at pagkakaroon ng magandang pananaw sa paraan ng pagtuturo upang makakitaan ang mga mga-aaral sa interes ng pagkatuto dito.

Sa akdang pinamagatang "Pagbabalik", ang implikasyon ay si Roman ay nagpakita na isang makabagong hudas, sa panahong ito hindi nawawala ang pagtatraydor sa alinmang samahan at relasyon. Kapag pinairal ang pagiging sakim ng isang tao at pagiging gahaman sa salapi nakakalimutan na ang lahat.

Ang kasamaan ay kailanman hindi nanaig sa kabutihan, Mabuti man ang kadahilanan ni Roman na pagbabago para sa kanyang pamilya, mali naman ang kanyang kaparaanan.

Maiuugnay ang pagtuturo sa Filipino ng katangiang pagpapairal ng kabutihan sa pagtuturo, ang dapat na maging layunin ng bawat guro sa Pilipino. Hindi isasaalangalang ang kapaguran sa pagtuturo, ang mahalaga makapaghatid ng kaalamang na magbibigay na ganap na pagkatuto sa bawat mag-aaral.

Ang implikasyon sa akdang pinamagatang "Paglalayag sa Puso ng Isang Bata" kung saan ipinakita sa kuwento ang kalakhan ng puso ng bata. Ang matinding galit at panliliit na pananalita sa kanya ng guro ay tinugon niya ito ng pagbabalik sa silid-aralan at pagsabi ng nakasanayang

"*Good bye teacher"* Ang kahanga-hangang ipinakita ng estudyante ay nagpakita ng kababaang loob nito at itinuring bilang aral ng isang guro.

Maiuugnay ang akda sa pagtuturo ng Filipino ang pagkakaroon ng kalakihan ng puso ng bawat isang guro sa pagtuturo, walang limitasyon at mapaghanap ng kaparaan para mapabuti ang pagtuturo at ganap na pagkatutuo ng bawat mag-aaral.

Sa akdang pinamagatang "Parusa", ang implikasyon na iniisip natin sa bawat kasalanan ay may kaparusahan. Hindi lahat ng bagay ay nabibili ng salapi. Hindi sa lahat ng bagay ay nagdudulot ng kasiyahan ang kasaganahan. Ang kabutihan ng kalooban ang laging mananaig. Ang kawalan ng pamilya ni Ventura ay paghahanap ng pinag-uugatan niya ng tunay na kaligayahan.

Ang implikasyong hatid ng akda sa pagtuturo ng Filipino ay kaligayahan na makapagbigay ng kasiyahan at pagkatuto ng mga karanasang hatid ng bawat akdang pamapanitikan sa isipan ng bawat mag-aaal.

Sa akdang pinamagatang "Walong Taong Gulang" ang implikasyon ay sa paghahanap ng kasagutan sa mga katanungang nananahan sa isipan ni Bb. Dela Rosa kung bakit ganun na lamang ang pananamlay, pagiging malungkot, pag-iisa, ng estudyante si Leoncio Pinuntahan ito sa kanilang tahanan at natuklasan niya ang kahirapang dinadanas ng pamilya. Bilang isang guro hindi maiiwasang mag-alala para sa kanyang estudyante. Ang pagmamalasakit ng isang guro hindi lamang natatagpuan sa silid–aralan ngunit nagpapatuloy ito maging sa tahanan. Dapat maging taglay ng isang guro ang tunay na pagmamalasakit at dalisay na pagmamahal para sa kanyang estudyante.

Maiuugnay ang akda sa pagtuturo ng Filipino, ang pagkakaroon ng malasakit ng bawat guro sa pagtuturo sa mga mag-aaral, ang dalisay na pagmamahal na maibibigay sa kanyang mge mag-aaral sa kaparaanang makapagbabago sa kawilihan at paningin sa pagkatuto sa asignaturang Filipino.

## MGA NATUKLASAN

Ang mga sumusunod ay natuklasan pagkatapos ng ginawang pagsusuri sa mga makabuluhang tampok sa mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute batay sa pagsusuri sa mga elementong pampanitikan.

BANGHAY. Natuklasan na halos magkakaulad ang nilalaman ng mga nasabing akda na pinamagatang: Ang Kuwento ni Mabute, Palalayag sa Puso ng Isang Bata at Walong taong Gulang, kung saan nagtatampok ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral. Hindi mapapantayang malasakit at dalisay na pagmamahal ang maibibigay ng isang guro sa kanyang estudyante. Ayon naman kay Martin (2018). The plot sequences of Doyle's detective fiction. A description of the choice and relation of the lexical items. Ang banghay ay kadalasang sinusuri ng tahasan sa pamamaraan ng pagbasa ng teksto na ang partikular na isyu ay ang pagkakasunod-sunod ng banghay.

TAGPUAN. Sa paaralan ang karamihang tagpuan sa kuwento, sa daungan, kapatagan at kabundukan naman ang tagpuan ng ibang akda. Sa mga tagpuang nabanggit, natuklasang malaki ang ugnayan ng mga tauhan sa sa tagpuang ginanapan, tulad ng mga akdang. Ang Kuwento ni Mabuti, Paglalayag sa Puso ng Isang Bata at walong Taong Gulang na pawang mga tauhan nito ay guro at ang kanyang mag-aaral. Maging ang mga akdang Parusa at Pagbabalik kung saan ang mga tauhan ay nagpapakita ng kasakiman nagpapaigting sa kanilang karakter ng tagpuang pinangyarihan.

Ayon kay Van Hulst at Ybema (2019). From What to Where: A setting sensitive approach to organizational story telling. Organization Studies. Ang isang organisadong tagpuan ng kontekstong lugar kung saan may partukular na mga layuning kaugnay sa lipunan.

SIMBOLISMO. Gumamit ng iba't ibang simbolo ang bawat kuwento tulad ng silid-aralan, Bagong Hudas, Upuan, Daungan, Gulay at Prutas ay simbolismo ng lungkot, na nadarama, kasakiman, kasiyahan at kagiliwan, iba't ibang ingay ng buhay at pamantayan ng buhay.

Sa pananaw ni Pasco (2019). The Nineteenth-Century –French Short Story. Pinatuyan sa kanyang pag-aaral na ang Ang Maikling Kuwento ay ilalagay sa ilalim ng paghihigpit at ang mga nais ng manunulat na harapin ang mahahalagang usapin na madalas nilang gamitin na implikasyon sa simbolismo.

Ayon naman kay Martin (2018). The plot sequences of Doyle's detective fiction. A description of the choice and relation of the lexical items. Ang banghay ay kadalasang sinusuri ng tahasan sa pamamaraan ng pagbasa ng teksto na ang partikular na isyu ay ang pagkakasunod-sunod ng banghay.

TAUHAN. Natuklasan na tao laban sa sarili ang kadalasang naging tunggalian sa mga akdang pinamagatang “Ang Kuwento ni Mabuti, “Paglalayag sa Puso ng Isang Bata” akda at ang dalawa roon ay nasa tunggaliang tao laban sa tao at tao laban sa lipunan. Ipinapakita sa mga tunggalian dito kung paano naging hadlang at paano nalutas ng mga tauhan ang mga suliraning nabanggit.

Sa mga uri ng tauhan sa kuwentong “Parusa” tanging ang tauhang si Big Boss ang tauhang antagonista, kung saan nagbigay ng malaking hadlang upang huwag lumigaya at magtagumpay ang mga tuhang sina Ventura at Neneng, ang mga tauhang lapad tulad ng mga tauhang si Mabuti, Basilio, Ventura, Salamin, Bb. Dela Rosa at Leoncio ay hindi nagpakita ng pagbabago sa kanilang katauhan mula sa simula hanggang sa wakas ng kuwento. Ang mga tauhang bilog tulad nina Fe, Roman, Guro, Bata, ay nagpapkita ng mga pagbabago sa kani-kanilang katauhan sa wakas ng kuwento. Mula sa kabutihan tungo sa kasamaan, o pagbabago sa mga negatibong pag-iisip o pananaw.

Ang mga sumusunod ay natuklasan pagkatapos ng ginawang pagsusuri sa mga pagpapahalagang moral sa mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute.

Ang mga pagpapahalagang moral na nabanggit sa mga piling akda ni Genoveva Edroza Matute. Tulad ng: “Ang Kuwento ni Mabuti”, “Paglalayag sa Puso ng isang bata” at “Walong Taong Gulang” ay halos magkakatulad ang mga pagpapahalagang nilalaman. Ang pagiging matatag sa hamon ng buhay, pagmamahal, pagkakaron ng pagmamalasakit at pagkakaroon ng paggalang at respeto ang mga pagpapahalagang itinampok sa nabanggit na mga kuwento. Ang mga pinagdadaanan sa buhay na kinakailangan maging matatag sa buhay ipinakita ng mga tauhan sa kuwento ang pagkakaroon ng pagmamalasakit at dalisay na pagmamahal ng isang guro sa kanyang estudyante at ang paggalang o respeto namang ipinapakita ng estudyante sa kanyang guro.

Samantalang ang mga akdang tulad ng: “Parusa” at “Pagbabalik” ay mga kuwentong naglalahad ng labis na kasakiman ng mga tauhang tulad ni Roman at Big Boss. Ang kawalan ng paggalang sa dignidad at buhay ng kanilang kapwa. Ang labis na paghahangad sa salapi na nagdulot ng kapahamakan at kaparusahang hindi nila akalaing mararanasan nila.

Ang mga sumusunod ay natuklasan pagkatapos ng ginawang pagsusuri sa mga pagpapahalagang kultural sa mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute.

Ang mga pagpapahalagang kultural na mababasa sa mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute tulad ng: “Ang Kuwento ni Mabuti” at “Paglalayag sa Puso ng Isang Bata” ay ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay sa kabila ng mga suliraning kinahaharap. Hindi dapat mawalan ng pag-asa sa buhay, at nasa ating kultura ang maging maparaan sa paghahanap ng kalutasan sa bawat problemang pinagdadaanan. Samantala ang akdang “Ang Walong Taong Gulang” naman ay tulad rin ng mga kuwentong nabanggit na nagtataglay ng pagkadama ng awa at pagtulong sa kapwa. Likas sa mga Pilipino ang makadama ng awa, sa kasawiang kinasadlakan ng isang tao dahilan ng pagbibigay tulong natin sa mga nangangailangan, masarap na damdamin ng isang tao na ikaw ay nakakaabot ng tulong sa kapwa kahit sa maliit na bagay na iyong maibibigay.

Ang akdang pinamagatang “Parusa” at “Pagbabalik” ay pawang nagsasaad ng kahalagahan ng pamilya, na gagawin ang lahat kahit sa masamang paraan mabigyan lamang ng kaginhawaan ang mga mahal nila sa buhay. Ang pagkapit sa patalim at pangungutang sa malaking interes ay taglay rin ng mga Pilipino sa mga sandali ng kagipitan sa salapi. Ang panunumbat ng budhi ay mababasa sa mga akda tulad ng: “Pagbabalik” at “Parusa”, kung saan napatunayan ito sa mga kuwentong nabanggit na hindi ka papatahimikin ng iyong budhi at sa bawat kasamaan at kasalanang nagawa ay sisingilin sa paraang hindi mo aakalain.

## MGA KONGKLUSYON

1. May mga makabuluhang tampok sa pagsusuri ng mga piling maikling kuwento batay sa mge elementong pampanitikan. Sumasalamin sa realidad ng buhay, ang ugnayan ng isang guro at kanyang tinuturuan, ang pagiging sakim ng tao sa ngalan ng salapi at kaparusahan sa bawat kasalanang nagawa. Ang mga piling maikling kuwentong sinuri tulad ng “Ang Kuwento ni Mabuti”, “Paglalayag sa Puso ng Isang Bata” at “Walong Taong Gulang” ay pawang mga kuwentong sumasalamin sa kainosentahan at kawalan ng muwang ng isang bata.
2. Nagkaroon ng katangiang nangibabaw sa paglalahad ng may-akda sa kanyang isinulat ayon sa elementong pampanitikan. Ang mga katangiang nangibabaw dito ay pagmamalasakit at wagas na pagmamahal ng isang guro sa kanyang estudyante. Ang positibong

pananaw sa buhay sa kabila ng mga pinagdadaanang pagsubok, nagiging maganda pa rin ang tingin sa buhay. Ang katangiang nangingibabaw sa estilo ng paglalahad ng may akda sa kanyang kuwento ay ang kanyang paggamit ng simbolismo upang malinaw na maipapahayag at maipapaliwanag ang katotohanan ng buhay ng tao. Ginagamitan din nila ng matataas ng uri ng wika upang ipakita ng bisa ng estilo.

3. Ang mga pagpapahalagang moral na nangibabaw sa kuwento tulad ng katatagan, pagmamahal, pagkakaroon ng positibong pananaw, paggalang sa buhay, pagmamalasakit, awa sa mga nangangilangan ng tulong ay mga positibong pagpaphalagang moral na makakatulong sa isang taong mamuhay na maligaya at may kapayapaan sa sarili, Samantalang ang mga negatibong pagpapahalaga ay maghahatid sa atin ng mga aral sa buhay at pagkatutong gumawa ng kabutihan sa buhay.
4. Ang mga pagpapahalagang kultural tulad ng Pagsasabi ng Problema sa taong ating mapagkakatiwalaan, Pagkalimot sa ating mabuting kaasalan, Pagkapit sa patalim bunga ng kagipitan, pagsisisi sa mga nagawang masama, pagpapahalaga sa pamilya, pagkadama ng awa at pagtulong sa kapwa ay bahagi na ng ating kulturang Pilipino, pabalik-balik at paulit-ulit nakabubuti man o nakasasama bahagi na ng ating pang-araw–araw na buhay at kaugalian.
5. Ang implikasyon ng pagsusuring ginawa ay nagkaroon ng pagkakataon ang mananaliksik na busisihin at sisisirin ang lalim ng kaisipang hatid ng bawat kuwento, gamit ang mga elementong pampanitikan. Higit na naunawaan at nagkaroon ng kasiyahan ang mananaliksik na mahalin at kagiliwan ang pagbabasa ng mga maikling kuwentong pampanitikan na epektibong maituturo ito sa kanyang mga tinuturuan.

## REKOMENDASYON

Binalangkas ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon batay sa nabuong konklusyon ng pag-aaral.

1. Ilakip ang mga nakompilang maikling kuwentong nagwagi ng unang gantimpala sa Gawad Carlos Palanca sa mga aralin sa maikling kuwentong Pilipino sa Junior High School, sapagkat ito ay nagtataglay ng mga katangian ng elemento ng maikling kuwentong

Filipino gaya ng banghay at tunggalian, tauhan, tagpuan, tono, paningin, estilo, simbolo at tema na matinding- ipinakita sa ginawang pagsusuri.

2. Bigyang-pansin sa mga kuwentong nakompila ang mga pagpapahalagang moral at kultural upang mas lalong maunawaan at mapagpatibay ang mga ito na kasasalaminan ng lahing Pilipino. Gamitin bilang kagamitang pantulong sa pagtuturo ng maikling kuwentong Pilipino ang awtput ng pag-aaral sa pagtuturo sa mga nagpapakadalubhasa sa asignaturang Filipino. Magsagawa ng mga karagdagang pag-aaral kaugnay ng pananaliksik na ito upang mas lalong mapagtibay ang kinalabasan ng pagsusuring isinagawa.
3. Dapat gamitin ng mga guro ang disenyo ng araling iminungkahi ng mananaliksik sa pagsusuri ng elemento ng panitikan ng maikling kuwento upang magkaroon sila ng konkretong gabay sa kanilang pagtuturo.
4. Magsagawa ng mga karagdagang pag-aaral kaugnay ng pananaliksik na ito upang mas lalong mapagtibay ang kinalabasan ng pagsusuring isinagawa.
5. Dapat gamitin ng mga guro ang disenyo ng araling iminungkahi ng mananaliksik sa pagsusuri ng elemento ng panitikan ng maikling kuwento upang magkaroon sila ng konkretong gabay sa kanilang pagtuturo.
6. Dapat manatiling buhay sa isipan ng mga bagong mag-aaral ang mga aral na taglay ng mga maikling kuwento.
7. Dapat magkaroon ng kawilihan ang mga mga-aaral sa pagbabasa ng mga maikling kuwentong Pilipino.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Brown, S., Berry, M., Dawes, E., Hughes, A., & Tu, C. (2019). Character mediation of story generation via protagonist insertion. Journal of cognitive psychology, 31(3), 326-342. Retrieved from: https://bit.ly/2mcQobq

Bruner, J., (2001). Constructivist Theory.

Galda, L., Liang, L. A., & Cullinan, B. E. (2016). Literature and the child. Cengage Learning. Retrieved from: https://bit.ly/2UOJq4V

Fatma, G. (2012). A Short History of the Short Story: Western and Asian Traditions. Modern History Press. Retrieved from: https://bit.ly/2yZ3fzN

Jeffers, H., (2017). Get Woke: The Themes and Receptions of the Works of Kate Chopin Retrieved from: https://bit.ly/2kO3Rod

Martin, L., (2018). The plot sequences of Doyle's detective fiction: A description of the choice and relation of the lexical items. EEKSIKA, 5(2) Retrieved from: https://bit.ly/2IW8r3T

Pasco, A., (2019). The Nineteenth – Century French Short Story: Master Pieces in Miniature, Routledge Retrieved from: https://bit.ly/2mj39zU

Piaget, J., (1936). Theory of Cognitive Development

Sarkar, S., (2019). Impact of the Short Stories of RN Tagore on the Mental Development of Child- Adolescence, Int. J. of Multidisciplinary and Current research, 7 Retrieved from: https://bit.ly/2z4QVV4R

Skinner, B.F., (2001). About Behaviorism Vintage

Stevenson, N., (2019). Developing Cultural Understanding through story-telling. Journal of Teaching in Travel 7 Tourism, 19(1).8-21. Retrieved from: https://bit.ly/3FySTYy

Thaler, E. (2016). Teaching Literature, UTB. Retrieved from:https://bit.ly/2MvEC6E

Van, Huist, M., & Ybema. S., (2019). From What to Where: A setting-sensitive approach to organizational storytelling, Organization Studies Retrieved from: https://bit.ly/2kMtplB